

Pangalan:	Muhammad bin Abdullah bin Abdul-Muttalib bin Hashim, si Hashim ay nagmula sa Quraish, ang Quraish ay nagmula sa mga Arabo, at ang mga Arabo ay mula sa angkan ni Ismaill bin Ibrahim (alayhissalam).
Pagsilang:	Isinilang ang Propeta Muhammad (Sumakanya nawa ang kapayapaan) sa taon ng elepante sa Makkah, buwan ng Rabi Al-awwal, sya ay isinugo sa edad na apatnapu, at pumanaw sa edad na animnapu’t tatlo (Sugo at Propeta sa loob ng dalawamput tatlong taon). Ang kanyang ama ay pumanaw bago sya ipinanganak, ang kanyang lolo na si Abdul-Mutalib ang nag-alaga sa kanya, at pagkatapos pumanaw ng kanyang lolo, kanyang tito na si Abu Talib ang sumunod na nag-alaga sa kanya.
Propesiya:	Sya ay ipinadala sa mga Jinn at Tao, at sinuman ang kanyang pinaratingan ng katuruan , at hindi nanampalataya, sya ay nakagawa ng malaking pagtaliwas /pagtalikod.
Pag-anyaya:	Siya ay nag-aanyaya patungo sa kaisahan ng panginoon, mabuting kaugalian at gawain, at kanyang pinagbabawal ang pagkilala sa diyos-diyosan maliban sa Allah, at masasamang kaugalian at gawain.
Al-Israa at Al-Mi’raaj	Siya ay bumiyahe mula sa Makkah patungo sa Baytul-Maqdis, at sya ay inangat papunta sa pang-pitong antas ng langit, at dito sya ay kinausap ng Allah, at naging obligado ang ang limang beses na pagdarasal sa iisang gabi.
Ang kanyang paglikas at pagpanaw:	Mula Makkah, siya ay lumikas sa Madinah, at dito na pumanaw ang Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) at inilibing sa loob ng kwarto ni Aishah (radhiyallahu anha).
Ang kanyang Da’wah:	Sa kanya kinumpleto ng Allah ang relihiyon, at ito ay kanyang malinaw na ipinarating, at tapat na ginampanan ang ipinagkatiwala sa kanya, at ito ay kanyang ipinaglaban para sa landas ng panginoon, kaya’t walang sinuman sa atin ang may karapatan na magdagdag sa relihiyong ito.
Ilan sa kanyang mga laban:	Ito ay pito: Badr, Uhud, Al-Khandaq, Khaybar, Pagbukas ng Makkah, Tabuk, at Hunayn.
Ang kanyang anak ay pito:	Sila ay si: Al-Qaasim, Ibrahim, Abdullah(Al-Tayyib Al-Taahir), Zainab, Ruqayyah, Umm Kulthum, at si Fatimah, lahat sila ay pumanaw habang nabubuhay ang Propeta Muhammad maliban kay Fatimah, si Fatimah ay pumanaw anim na buwan pagkalipas pumanaw ng Propeta Muhammad .
Ang kanyang mga asawa:	Khadijah, Aishah, Sawdah, Hafsah, Zainab Al-Hilaliyah, Umm Salamah Hind, Zainab Bint Jahsh, Juwayriyah Bint Al-Harith, Safiyyah Bint Huyay, Umm Habibah Ramlah, Rayhanah Bint Zaid, at si Maimunah Bint Al-Harith (sumakanila nawa ang habag ng Allah).
Mga nagpasuso sa kanya:	Ang kanyang ina na si Aminah Bint Wahab, Thuwaybah (Alipin ng kanyang tito na si Abu Lahab), at Halimah Bint Abi Dhuaib Al-Si’diyyah.
Unang talata na ibinaba sa kanya:	Sinabi ng Allah sa Surah Al-Alaq: “Basahin, O Sugo, nagpapasimula sa ngalan ng Panginoon na lumikha sa lahat ng mga nilikha, nilikha ang tao mula sa isang piraso ng namuong dugo, na nagturo sa pamamagitan ng panulat, itinuro sa tao ang dating hindi nito nalalaman”.
Mga una na naniwala:	Sa mga kalalakihan ay si Abu Bakar Al-Siddiq, sa mga kababaihan ay ang nanay ng mga mananamplataya, Khadijah Bint Khuwaylid, sa mga bata ay si Ali Bin Abi Talib, at sa mga Mawali ay si Zayd Bin Harithah, at mula sa mga alipin ay si Bilal Bin Rabaah (sumakanila nawa ang habag ng Allah).

Ang kanyang Umrah at Hajj:	Nakapagsagawa ng apat na beses na Umrah, at ito ay lahat sa buwan ng Dhul-Qa’dah. At isang beses na Hajj na tinatawag na Hajjatul Wadaa, taon 10 ng hijri.
Ang kanyang Pag-uugali:	Sinabi ni Allah ﷻ sa Qur’an: “At ang iyong pag-uugali ay dakila”, at sinabi ni Aishah (sumakanya nawa ang habag ni Allah ﷻ): “Ang kanyang ugali ay ang Qur’an”.
Kahalagahan ng kaalaman sa tambuhay ng Propeta Muhammad	Sinabi ni Ibn Al-qayyim (kaawaan nawa sya ni Allah): “Kung saan ang kasiyahan at tagumpay ng isang tao ay nakasalalay sa gabay ng Propeta Muhammad, kinakailangan na kanyang malaman ang turo at talambuhay ng kanyang Propeta, upang hindi mabilang sa mga mangmang at ignore, at sa dahilan na ikaw ay mapabilang sa mga taga-sunod ng Propeta Muhammad, dahil ang mga tao sa usaping ito ay iba-ibang antas, at Allah ang nagbibigay nito kung kanino man nya ito ninanais”.